Filipino

Bersyon 1.0

Pebrero 2023

# Child Safe Standards sa Victoria

## Gabay na nakasulat sa simpleng pananalita

COMMISSION FOR CHILDREN
AND YOUNG PEOPLE

# Ano ang Child Safe Standards (Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata)?

- Ang Child Safe Standards (ang mga Standard) ay sinimulan sa Victoria noong Enero 2016.
- Ang mga Standard ay tutulong na panatilihing ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala.
- Mayroong 11 Child Safe Standards.
- Ang mga organisasyong nakikipagtulungan sa mga bata[1] ay dapat *sumunod* sa mga Standard. *Ang pagsunod* ay nangangahulugan na ang inyong organisasyon ay dapat magpairal ng mga bagay upang ipakita na kayo[2] ay sumusunod at nakakatugon sa bawat standard.

*Ang dokumentong ito ay isang buod ng Child Safe Standards. Ito ay may mga salita at larawan na madaling maunawaan upang makatulong sa pagpapaliwanag ng mga Standard. Hindi kasama rito ang buong pananalita ng mga Standard o lahat ng mga bagay na dapat ninyong gawin para makasunod. Mababasa ninyo ang buong teksto ng mga Standard at marami pang impormasyon sa pagsunod sa aming website.*



1 Ang ibig sabihin ng "mga bata" ay mga taong wala pang 18 taon ang edad.

2 Ginagamit din namin ang salitang "kayo" kapag pinag-uusapan namin ang tungkol sa "inyong organisasyon".

## Child Safe Standard 1

**Titiyakin ng mga organisasyon na ang mga batang Aborihinal ay makakaramdam ng pangkulturang kaligtasan. Kanilang iginagalang at pinahahalagahan ang pagkakakilanlan at mga karanasan ng bawat bata.**







Ang inyong organisasyon at mga kawani ay dapat:

- malugod na tanggapin ang mga taong Aborihinal[3], ang kanilang kultura, at ang kanilang mga karapatan
- maunawaan kung paano ito nakakatulong sa mga batang Aborihinal na madamang sila ay ligtas at maayos ang pakiramdam
- huwag pahintulutan ang racism (rasismo) at magkaroon ng mga tuntunin at pagkilos upang harapin ang racism
- tulungan ang mga batang Aborihinal na magpahayag ng kanilang magkakaibang pagkakakilanlan, kaugalian, paniniwala, at wika
- tulungan ang mga batang Aborihinal at ang kanilang mga pamilya na makilahok sa inyong organisasyon
- tiyaking nakakaramdam sila ng pangkulturang kaligtasan
- magkaroon ng mga patakaran at sistema na nagpapakitang nagawa na ninyo ang mga bagay na ito.

3 Ginagamit namin ang salitang 'Aborihinal' para pag-usapan ang tungkol sa mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander.

# Child Safe Standard 2




**Nakatuon ang mga pinuno ng organisasyon sa pagpapanatiling ligtas at maayos ang mga bata. May mga proseso ang mga organisasyon para humanap, umiwas, at pigilan ang mga panganib ng pang-aabuso o pinsala sa bata.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- gumawa ng **pampublikong pangako** tungkol sa kaligtasan ng bata. Ibig sabihin, ipapaalam ninyo sa komunidad na ang kaligtasan ng bata ay mahalaga sa inyong organisasyon
- magkaroon ng isang **Patakaran sa Kaligtasan at Kapakanan ng Bata**. Ito ay isang dokumentong nagpapaliwanag kung paano pinapanatiling ligtas ng inyong organisasyon ang mga bata
- tiyaking itinataguyod ng lahat sa organisasyon ang kaligtasan ng bata
- may nakasulat na **Code of Conduct (Koda ng Pag-aasal)** para sa mga kawani at boluntaryo. Ito ay isang dokumento na nagpapaliwanag sa mga kawani kung paano kikilos sa paligid ng mga bata at kung ano ang hindi OK
- dokumento kung paano ninyo hahanapin, maiiwasan, at pipigilan ang mga panganib sa mga bata
- tiyaking nauunawaan ng mga kawani kung paano magbabahagi ng impormasyon at magtatago ng mga record tungkol sa kaligtasan ng bata.

# Child Safe Standard 3




**Alam ng mga bata ang kanilang mga karapatan, tinatrato sila nang seryoso, at nakikilahok sa mga desisyong nakakaapekto sa kanila.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- magsabi sa mga bata ng kanilang mga karapatan sa:
  - kaligtasan
  - impormasyon
  - paglahok sa mga desisyon tungkol sa kanila
- pag-unawa at paghikayat sa kahalagahan ng pakikipagkaibigan. Nakakatulong ito sa mga bata na madamang sila ay ligtas
- mag-alok ng mga programa at impormasyon sa mga bata kung paano mahahadlangan ang sekswal na pang-aabuso
- tiyakin na ang mga kawani at boluntaryo ay maaaring:
  - tukuyin ang mga palatandaan ng pang-aabuso sa bata at pinsala sa mga bata
  - tulungan ang mga bata na magsalita nang hayagan at makipag-usap tungkol sa mga bagay na nakakabalisa sa kanila
- tulungan ang mga bata na makilahok sa inyong organisasyon
- aksyunan ang sinasabi sa inyo ng mga bata upang madama nilang sila ay ligtas at gustuhin na manatiling kasangkot sa inyong organisasyon.

# Child Safe Standard 4



**Sasabihin ng mga organisasyon sa mga pamilya at komunidad kung paano nila pinapanatiling ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala. Hihikayatin silang makilahok sa pagpapanatiling ligtas sa mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- tumulong sa mga pamilya na makilahok sa mga desisyon na makakaapekto sa kanilang anak
- sabihin sa mga pamilya at komunidad kung paano pinapanatili ng inyong organisasyon na ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala
- tiyaking madaling mahanap at maunawaan ng mga pamilya at komunidad ang impormasyong ito
- tiyaking makakapagbigay ng kanilang opinyon ang mga pamilya at komunidad hinggil sa mga patakaran at gawi ng inyong organisasyon
- magsabi sa mga pamilya, tagapag-alaga, at komunidad tungkol sa inyong organisasyon at kung paano ito gumagana.

# Child Safe Standard 5



**Nauunawaan ng mga organisasyon na ang bawat bata ay kakaiba. Isinasaalang-alang nila ang indibidwal na pangangailangan ng bawat bata upang mabigyan sila ng pangangalaga at suportang kailangan nila.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- maunawaan na ang bawat bata ay naiiba at ang ilang mga bata ay maaaring mangailangan ng higit pang suporta
- tumulong at isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga bata na:
  - may kapansanan
  - mula sa iba't ibang kultura
  - gumagamit ng iba't ibang wika
  - hindi kayang manirahan sa kanilang bahay
  - ay lesbian, gay, bisexual, transgender, non-binary, gender diverse, o intersex
- tiyaking madaling makuha ng mga bata ang impormasyon at tulong na kailangan nila. Ito ay dapat may pangkulturang kaligtasan at madaling maunawaan
- tiyaking madali para sa mga bata na magreklamo at maunawaan ang proseso
- isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga batang Aborihinal at tiyaking palagi silang may pangkulturang kaligtasan.

## Child Safe Standard 6



**Titiyakin ng mga organisasyon na ang mga taong nakikipagtulungan sa mga bata ay naaangkop. Ang mga kawani ay sinusuportahan at alam ang gagawin upang mapanatiling ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- tumuon sa kaligtasan at kapakanan ng bata kapag humihirang ng mga bagong kawani at boluntaryo. Ito ay maaaring sa advertising (patalastas), referee checks, at screening, bago sila magsimulang magtrabaho
- tiyakin na ang mga kawani at boluntaryo ay may mga tamang pagsusuri sa kanilang background
- tiyaking alam ng mga bagong kawani kung ano ang dapat nilang gawin upang mapanatiling ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala. Kabilang dito ang:
  - mahusay na pag-iimbak ng mga record
  - alam kung kailan magbabahagi ng impormasyon
  - alam kung kailan at paano gagawa ng report
- tiyaking tinutulungan ng mga manager ang mga kawani na tumuon sa kaligtasan ng bata

## Child Safe Standard 7



**Ang mga proseso para sa mga reklamo at alalahanin ay nakatuon sa bata.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- magkaroon ng patakaran tungkol sa mga reklamo. Ang patakarang ito ay dapat:
  - madaling hanapin at basahin
  - nakatuon sa bata
  - ipinaliliwanag:
    - kung ano ang dapat gawin ng mga manager, kawani, at boluntaryo
    - kung paano pamamahalaan ang iba't ibang uri ng mga reklamo
    - ano ang dapat gawin kung ang mga patakaran o ang Code of Conduct ay hindi sinusunod
    - kapag ang inyong organisasyon ay kailangang mag-ulat sa mga awtoridad, tulad ng pulisya
- tiyaking nauunawaan ng mga bata, pamilya, kawani, at boluntaryo kung paano pinamamahalaan ng inyong organisasyon ang mga reklamo
- pangangasiwa sa mga reklamo nang maayos at sa paraang may pangkulturang kaligtasan
- tratuhin nang seryoso ang lahat ng reklamo at tumugon nang mabilis
- magkaroon ng mga patakaran at pamamaraan tungkol sa:
  - pag-uulat ng mga reklamo sa inyong organisasyon
  - kung kanino mag-uulat
  - kung kailan gagawa ng ulat
  - kung paano mag-ulat ng mga reklamo, at makipagtulungan, sa pulisya at iba pang awtoridad
- pagsunod sa lahat ng batas tungkol sa pag-uulat, pagkapribado, at pagtatrabaho.

## Child Safe Standard 8



**Ang mga organisasyon ay magbibigay ng edukasyon at pagsasanay sa mga kawani upang panatilihing ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- sundin ang Child Safety and Wellbeing Policy ng organisasyon
- alamin ang mga palatandaan ng pang-aabuso at pinsala sa bata. Kabilang dito ang pang-aabuso at pinsala na dulot ng ibang mga bata
- tumugon sa mga isyu ng kaligtasan at kapakanan ng bata
- tulungan ang ibang mga tauhan kapag kumakaharap sila sa isang isyu sa kaligtasan ng bata
- maunawaan kung paano mas ipapadama sa mga bata na may pangkulturang kaligtasan.

## Child Safe Standard 9



**Titiyakin ng mga organisasyon na ligtas ang mga bata kapag gumagamit ng kanilang mga serbisyo, kapaligiran, at aktibidad. Kabilang dito kapag naka-online ang mga bata.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- tiyakin na ang mga kawani at boluntaryo ay makakahanap at makakapigil sa mga panganib. Kapag isinasagawa ito, kailangan pa rin nilang protektahan ang karapatan ng isang bata sa:
  - pagkapribado
  - impormasyon
  - pagkakaroon ng mga kaibigan at hindi madamang siya ay nag-iisa
  - pag-aaral
- pagtiyak na nauunawaan ng mga kawani at boluntaryo ang kaligtasan sa online. Kapag naka-online sila, dapat nilang matugunan ang
  - Code of Conduct
  - Child Safety and Wellbeing Policy (Patakaran sa Kaligtasan at Kapakanan ng Bata) ng inyong organisasyon
- magsulat ng **mga plano sa pamamahala ng panganib**. Ito ay mga plano kung paano ninyo haharapin ang mga panganib na maaaring magmula sa inyong mga setting, aktibidad, at kapaligiran
- protektahan ang kaligtasan ng mga bata kapag ang inyong organisasyon ay gumagamit ng mga pasilidad o serbisyo ng ibang mga organisasyon.

## Child Safe Standard 10



**Susuriin at pahuhusayin ng mga organisasyon ang mga paraan ng pagpapanatiling ligtas ng mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- patuloy na suriin at pagbutihin ang inyong ginagawa upang mapanatiling ligtas ang mga bata at kabataan
- imbestigahan ang mga reklamo, alalahanin, at mga insidente sa kaligtasan upang malaman kung paano nangyari ang mga ito. Makakatulong ito sa inyo na mapabuti ang inyong mga gawain
- sabihin sa mga kawani, boluntaryo, komunidad, pamilya, at mga bata kung ano ang inyong natuklasan.

## Child Safe Standard 11




**Ang mga organisasyon ay may nakasulat na mga dokumento kung paano nila pinapanatiling ligtas ang mga bata laban sa pang-aabuso at pinsala.**

Ang inyong organisasyon ay dapat:

- may nakasulat na mga patakaran at pamamaraan na:
  - sumasaklaw sa lahat ng Child Safe Standards
  - madaling hanapin at maunawaan
- makipagtulungan sa **mga stakeholder** upang bumuo ng inyong mga patakaran at pamamaraan. Ito ang mga taong may malasakit sa inyong organisasyon. Ito ay maaaring:
  - mga kawani at boluntaryo
  - mga anak at miyembro ng pamilya
  - ibang mga organisasyon na makikipagtulungan kayo
  - mga grupo o miyembro ng komunidad
- tingnan ang magagandang patakaran at pamamaraan ng ibang mga organisasyon
- tiyaking sinusuportahan ng inyong mga pinuno ang mga patakaran at pamamaraan
- tiyaking nauunawaan at sinusunod ng mga kawani at boluntaryo ang mga patakaran at pamamaraan.

# Saan makakukuha ng tulong

Ang mga regulator ng Child Safe Standards ay makakapagbigay sa inyo ng impormasyon upang matulungan kayong matugunan ang mga Standard.

Maaari ninyong malaman ang tungkol sa mga regulator ng Child Safe Standards dito.

Maaari kayong makipag-ugnayan sa Commission sa pamamagitan ng:

Telepono: 1300 782 978

Email: contact@ccyp.vic.gov.au

Website: www.ccyp.vic.gov.au

Interpreter

Kung kailangan ninyo ng interpreter, mangyaring tawagan ang Translating and Interpreting Service sa 13 14 50. Hilingin sa kanila na tawagan ang Commission for Children and Young People (Komisyon para sa mga Bata at Kabataan) sa 1300 782 978.

Ang Komisyon ay buong paggalang na kinikilala at ipinagdiriwang ang mga Tradisyonal na May-ari ng lupain sa buong Victoria at nagbibigay-galang sa kanilang mga Elder (Pinuno), mga bata at kabataan sa nakaraan, kasalukuyan at hinaharap na mga henerasyon.

© Komisyon para sa mga Bata at Kabataan 2023

Karapatang-sipi ang gawaing ito. Bukod sa anumang paggamit na pinahihintulutan sa ilalim ng *Copyright Act 1968*, walang bahagi ang maaaring kopyahin gamit ang anumang proseso nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa Commission for Children and Young People, Level 18, 570 Bourke Street, Melbourne 3000.

Nais kilalanin ng Commission ang kontribusyon ng enliven's Health Literary Services sa pagpapa-unlad ng bersyon sa Simpleng Pananalita ng mapagkukunan na ito (www.enliven.org.au /healthliteracy@enliven.org.au) noong Mayo 2022.
Ang mga imahe ay binuo at iniangkop sa pamamagitan ng enliven Victoria kabilang ang paggamit ng The Picture Communication Symbols ©1981-2022 ng Tobii Dynavox. Lahat ng mga Karapatan ay Reserbado sa Buong Mundo. Ginamit nang may pahintulot. Ang Boardmaker® ay isang trademark ng Tobii Dynavox. Ang dokumentong ito ay hindi dapat ibenta sa mga ikatlong partido.
Ang mga larawan ay hindi dapat gamiting muli nang walang pahintulot.

COMMISSION FOR CHILDREN
AND YOUNG PEOPLE